




Republic of the Philippines  
DEPARTMENT OF EDUCATION  
Region IV-A CALABARZON  
CITY SCHOOLS DIVISION OF CABUYAO  
City of Cabuyao, Laguna



---

## KALATAS

Para sa : Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan  
Hepe, CID at SGOD  
Pansangay at Pampurok na Tagamasid  
Punungguro ng Pamublikong Paaralan (Elementarya at Sekundarya)  
Punungguro ng Pribadong Paaralan (Elementarya at Sekundarya)  
Ulongguro at Gurong Tagapag-ugnay ng Asignaturang Filipino  
Sa lahat ng mga guro at kinauukulan

Mula kay :   
**DORIS D. ESTALILLA, Ed.D.**  
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Paksa : **BUWAN NG WIKA 2018**

Petsa : Hunyo 21, 2018

---

Kaugnay sa Panrehiyong Kalatas Bilang 18-328 ukol sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika, ang Tanggapan ng Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan sa pangunguna ng *Curriculum Implementation Division* ay nagtatakda ng mga mungkahing gawaing pangwika at paligsahan hinggil sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2018. Ang paksa sa taong ito ay “**Filipino, ang Wika ng Saliksik**”, na naglalayon ng mga sumusunod:

1. Makalilining ng konsepto mapilosopiyang karapaanan upang lalo pang maipagmalaki ang pambansang wika-Ang Wikang Filipino;
2. Makalilining ng mga talino at kakayahan sa pamamagitan ng mga gawaing SALIKSIK upang maiangat ang kultura, pilosopiya at lohikang pangwika-Filipino; at
3. Makapagtataya ng iba pang kagamitang pampagturo para sa disiplinaryang Filipino na magpapatibay ng kurikulum sa ilalim ng konseptong lokalisasyon at indiginisasyon.

Ang mga sumusunod ay mga paligsahan para sa taong ito:

- A. **MADULANG SABAYANG BIG-SAY-AWIT (BIGKAS-SAYAW-AWIT)**- para sa mga piling mag-aaral mula sa baitang 5 at 6, na may kabuuang 25 kasapi. Ang piyesa ay nakalakip sa kalatas na ito.

Alituntunin:

1. Ang Madulang Sabayang Big-Say-Wit ay lalahukan ng mga mag-aaral ng isang paaralan na magmumula sa mga Baitang 5 at 6.
2. Ang pangkat ay bubuuin lamang ng 20-25 na mag-aaral.
3. Maaring gumamit ng uniporme ng paaralan. Kung magkakaroon ng costume ito ay dapat na mula sa simpleng materyal. Iwasan ang mamahaling kasuotan.
4. Pitong minuto lamang ang laan sa bawat pagtatanghal ng mga kalahok. Ang lalampas sa 7 minuto ay magkakaroon ng kabawasan sa kabuuan marka mula sa average na marka ng mga hurado. Kasama na ang pagpasok at paglabas sa pitong minuto.



Republic of the Philippines  
DEPARTMENT OF EDUCATION  
Region IV-A CALABARZON  
CITY SCHOOLS DIVISION OF CABUYAO  
City of Cabuyao, Laguna



5. Ang paglalapat ng tunog ay dapat na may kaugnayan sa piyesa. Pinahihintulutan ang pagsingit ng mga “adlib” subalit hindi dapat ito makakaapekto sa ideya at nilalayon ng piyesa; sakop ng pitong minuto ang mga isisingit na adlib.
6. Dapat na makita ang **Bigkas, Awit at Sayaw (sangkap ng timpalak)** habang binibigkas ang tula. Maaring orihinal ang tono ng awit o mula sa mga tunog na awit OPM. **Hindi pwedeng mula sa banyagang awit ang gagamiting melodiya o tono.**
7. Ang timpalak ay huhusgahan batay sa mga sumusunod na pamantayan:

Interpretasyon (linaw ng bigkas at indayog)	60%
Hikayat (Damdamin at Emosyon)	20%
Sangkap teknikal (lapat ng tunog/musika at Disiplinang pang-intablado)	15%
Dating sa mga manonood	5%
<b>Kabuuan</b>	<b>100%</b>

- B. **MALIKHAING SAYAW INTERPRETASYON**- Pili at pinagsamang mag-aaral mula sa Junior High School (Baitang 7 at 10) na may kabuuang 20 kasapi. Ang bibigyang interpretasyon ay ang awiting “Tayo’y Mga Pinoy” mula sa album ng Banyuhay.

Alituntunin:

1. Bubuuin ang mga mananayaw na mag-aaral mula sa ika-7 hanggang ika-10 na baitang ng isang paaralang pansekundarya.
2. Maaring magkaroon ng mga “adlib” sa awit subalit hindi dapat maapektuhan ang konsepto nito. Ang sayaw ay dapat na tumagal lamang ng 5-minuto. May kabawasang 5% mula sa iskor average ng mga hurado ang pangkat na di makasusunod sa minutong nabanggit.
3. Hindi maaring ibahin ang bersiyon ng awit. Sundin ang mga nakatala sa bilang dalawa.
4. Ang mga mananayaw ay huhusgahan gamit ang mga sumusunod na pamantayan:

Pagtatanghal at Interpretasyon	60%
Koryograpi/Konsepto/Nalikhang Kuwento	30%
Disiplina at hikayat sa manonood	10%
<b>Kabuuan</b>	<b>100%</b>

- C. **PAGLIKHA NG MAIKLING PELIKULA (INDI-FILM)**- para sa mga piling mag-aaral mula sa ika-11 na baitang na bubuo ng 10 kasapi; ang pelikula ay sa loob lamang ng 10 minuto at mula sa **orihinal** na iskrip na gawa/isinulat/nilikha ng mga mag-aaral. Kasama sa timpalak ang pagpili ng mga mahuhusay na mag-aaral mula sa mga sumusunod na salik/aspektong pampelikula: Paglalapat ng tunog at musika, Editing, Sinematograpiya, Iskripnpley, Produksiyong Disenyo, aktor at aktres at istorya. Ang tema ay: **Pinaghuhugutan ng Hugot.**

Alituntunin:

1. Ang mga mag-aaral ay dapat na magmumula sa ika-11 Baitang ng isang paaralang pansekundarya.
2. Ang paksang tatalakayin ay mula sa PILOSOPHIYA ng “Umasa, Palaasa at Pag-asa”



Republic of the Philippines  
**DEPARTMENT OF EDUCATION**  
Region IV-A CALABARZON  
**CITY SCHOOLS DIVISION OF CABUYAO**  
City of Cabuyao, Laguna



3. Ang pamantayan sa paghusga ay ang mga sumusunod:

Istorya	25%
Sinematograpiya	15%
Produksiyong Disenyo	15%
Tunog/Musika	15%
Iskrinpley	15%
Editing	15%
<b>Kabuuan</b>	<b>100%</b>

4. Ang timpalak ay hihirang din ng mga sumusunod:

- Pinakamahasay na katulong ng Aktor
- Pinakamahasay na Katulong ng Aktres
- Pinakamahasay na Aktor
- Pinakamahasay na Aktres
- Pinakamahasay na Direktor
- Pinakamahasay na Pelikula
- Pinakamahasay sa Istorya
- Pinakamahasay sa Iskrinpley
- Pinakamahasay sa Paglapat ng Tunog at Musika
- Pinakamahasay sa Sinematograpiya
- Pinakamahasay sa Editing
- Pinakamahasay sa Produksiyong Disenyo

5. Ang pelikula na labis sa 10 minutong palabas ay may kaukulang bawas sa average na husga ng mga hurado. Isang puntos na bawas sa bawat minutong labis mula sa itinadhana ng timpalak

6. Hindi dapat kakitaan ng BULGAR na mga eksena ang ilalahok na pelikula. Awtomatikong eliminated o tanggal ang mga kalahok na ito

D. **PAGPAPAHAYAG NG SALIKSIK (ACTION RESEARCH)**- para ito sa mga mag-aaral mula sa 12 Baitang. Nakatuon ang saliksik sa uring Deskriptibo na may sumasalamin sa Pamumunong Panlipunan: Guro, Mag-aaral, Magulang, Pulitiko at Simbahan.

Alituntunin:

1. Ang timpalak ay bukas lamang sa baitang 12.
2. Ang paksa ay tungkol sa Pamumunong Panlipunan: Guro, Mag-aaral, Magulang, Pulitiko at Simbahan.
3. Bigyang pansin ang mga sumusunod :
  - Ang font na gagamitin ay may sukat na 12
  - Arial ang disenyo ng titik
  - Doble ang espasyo
  - Sundin ang pangunahing panuntunan sa pagsulat ng papel tulad ng; talahanayan, talatinigan, dahon ng pag-uulat at iba pa.
4. Ang bawat kalahok ay bibigyan lamang ng 10 minutong paglalahad. Pagkatapos nito, tutungo na sa bahaging "Tanong at sagot". Maaring gumamit ng power point presentation sa paglalahad.
5. Maghanda ng 3 sipi ng saliksik para sa mga huradong magiging lupon sa oras ng timpalak.



Republic of the Philippines  
DEPARTMENT OF EDUCATION  
Region IV-A CALABARZON  
CITY SCHOOLS DIVISION OF CABUYAO  
City of Cabuyao, Laguna



Ang Samahan ng mga Pamribadong Paaralan ay inaasahan na magsasagawa ng eliminasyon upang makapili ng lalahok ayon sa nakasaad na bilang sa kalakip ng kalatas na ito. Gayundin ang Pampublikong Paaralang Pang-Elementarya ay dapat magsagawa ng pandistritong eliminasyon na siyang kakatawan sa kanilang purok para sa pansangay na paligsahan.

Tandaan na sa lahat ng timpalak na nabanggit, ang desisyon ng inampalan ay pinal at hindi mapapasubalian pa ng kung sino man. Ang mananalò sa paligsahang ito ay kakatawan sa Sangay ng Cabuyao sa darating na Pan-Rehiyon na Paligsahan.

Ang paligsahan ay gaganapin sa darating na Agosto 24, 2018 mula alas 8:00 ng umaga hanggang ika 5:00 ng hapon. Ang timpalak ay gaganapin nang sabayan matapos ang pambungad na palatuntunan sa mga sumusunod na lugar.

Madulang Sabayang Big-Say-Awit	-	Cabuyao Central School Covered Court
Malikhaing Sayaw Interpretasyon	-	Cabuyao Integrated National High School Covered Court
Paglikha ng Maikling Pelikula	-	CCS Gabaldon Hall
Pagpapahayag ng Saliksik	-	CCS Gabaldon Hall

Ang panapos na palatuntunan at paggawad ng mga premyo ay gaganapin sa Cabuyao Central School sa hapon, pagkatapos ng lahat ng paligsahan.

Ang mga gastusin tulad ng transportasyon, kasuotan, kagamitan at materyales na gagamitin sa paggawa ng pelikula at iba pang gastusin ng mga sasali sa patimpalak ay maaring kunin sa MOOE o local na pondo at dadaan sa tamang proseso, patakaran at regulasyon ng pagtutuos at pagsusuri. Samantala ang mga papremyo at iba pang gastusin sa pangangasiwa ng paligsahan ay magmumula sa *Special Education Fund*.

Kalakip ng kalatas na ito ang mga bumubuo ng Tagapamahala, Komiteng Panteknikal, Tagapagpaganap ng Paligsahan at listahan ng mga inaasahang kalahok sa timpalak.

Ang lahat ng mga lalahok ay inaasahang susunod sa **No Disruption of Classes Policy** na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2015 (Instituting Measures to Increase Engaged Time on Task and Ensuring Compliance Therewith)*. Dahil dito, pinapayuhan ang mga punungguro na magsagawa ng alternatibong iskedyul ng klase upang hindi maapektuhan ang oras ng pag-aaral ng mga mag-aaral at oras ng pagtuturo ng mga guro na makikilahok sa gawaing ito.

Kaugnay sa Pagdiriwang ng Wika, ang lahat ng mga paaralan ay inaasahan na magsasagawa ng sabayang pagdiriwang, gawain at palatuntunan sa kani-kanilang paaralan sa Agosto 31, 2018 mula ala-una hanggang alas-singko ng hapon bilang pagtatapos ng Buwan ng Wika sa taong ito.

Ang malawak na pagpapalaganap ng impormasyong ito ay lubos na inaasahan.



Republic of the Philippines  
**DEPARTMENT OF EDUCATION**  
Region IV-A CALABARZON  
**CITY SCHOOLS DIVISION OF CABUYAO**  
City of Cabuyao, Laguna



**MGA INAASAHANG KALAHOK SA PALIGSAHAN**

**A. Madulang Sabayang Big-Say-Awit (Baitang 5 at 6)**

Distrto	Pampublikong Paaralan	Pribadong Paaralan
District 1A	1	1
District 1B	1	1
District 2A	1	1
District 2B	1	1
District 3A	1	1
District 3B	1	1
District 4A	1	1
District 4B	1	1
District 5A	1	1
District 5B	1	1
<b>Kabuuan</b>	<b>10</b>	<b>10</b>

**B. Malikhaing Sayaw Interpretasyon (Baitang 7-10)**

Pampublikong Paaralan	Pribadong Paaralan
Bigaa INHS	Kinatawan mula sa 5 na Paaralan
Pulo NHS-Main	
Pulo NHS-Diezmo Extension	
Gulod NHS-Main	
Gulod NHS-Mamatid Extension	
Cabuyao INHS-Main	
Cabuyao NHS-Pittland Extension	
Casile INHS	
Marinig NHS	
Southville 1 INHS	
<b>Kabuuan</b>	

**C. Paglikha ng Maikling Pelikula/Indi-Film (Baitang 11)**

Pampublikong Paaralan	Pribadong Paaralan
Bigaa INHS	Kinatawan mula sa 8 na Paaralan
Cabuyao INHS	
Southville 1 INHS	
Casile INHS	
Pulo SHS	
Mamatid SHS	
Pamantasan ng Cabuyao	
<b>Kabuuan</b>	<b>15</b>



Republic of the Philippines  
**DEPARTMENT OF EDUCATION**  
Region IV-A CALABARZON  
**CITY SCHOOLS DIVISION OF CABUYAO**  
City of Cabuyao, Laguna



**D. Pagpapahayag ng Saliksik/Action Research (Baitang 12)**

Pampublikong Paaralan	Pribadong Paaralan
Bigaa INHS	Kinatawan mula sa 8 na Paaralan
Cabuyao INHS	
Southville 1 INHS	
Casile INHS	
Pulo SHS	
Mamatid SHS	
Pamantasan ng Cabuyao	
<b>Kabuuan</b>	



Republic of the Philippines  
**DEPARTMENT OF EDUCATION**  
Region IV-A CALABARZON  
**CITY SCHOOLS DIVISION OF CABUYAO**  
City of Cabuyao, Laguna



---

**TAGAPAMAHALA NG PROGRAMA**

Pangkalahatang Tagapamahala	Dr. Doris DJ. Estalilla
Pangalawang Pangkalahatang Tagapamahala	Dr. Elvira B. Catangay
Kasapi	Dr. Edna F. Hemedez

**TAGAPAMAHALA NG GAWAING TEKNIKAL**

*(Mangangasiwa sa lahat ng mga paligsahan na isasagawa at magbibigay ng teknikal na tulong sa mga Komite ng Paligsahan at Pang-Teknikal)*

Pangkalahatang Tagapamahala	Dr. Jonathan F. Bernabe
Pangalawang Pangkalahatang Tagapamahala	Dr. Jennettee F. Haro
Kasapi	Gng. Abelinda B. Sison

**KOMITE NG PALIGSAHAN**

*(Pangkalahatang mangangasiwa sa paligsahan at makikipag-ugnayan sa pangkalahatang tagapamahala ukol sa pangangailangan at iba pa)*

**Madulang Sabayang Big-Say-Awit**

Tagapangulo	Leila F. Javier
Pangalawang Tagapangulo	Carolina R. Babula
Mga Kasapi	Jocelyn Paguio Hilda A. Red Dolorosa H. Aguilar Tolentino L. Ceñido

**Malikhaing Sayaw Interpretasyon**

Tagapangulo	Vilma Sobisol
Pangalawang Tagapangulo	Niño T. Cansicio
Mga Kasapi	Ana Liza P. Maranan Ma. Carolyn B. Esplana

**Paglikha ng Maikling Pelikula (Indi-Film)**

Tagapangulo	Angelita Perez
Pangalawang Tagapangulo	Rodrigo D. Tenorio
Mga Kasapi	Divina O. Servidad Analiza T. Cardoza

**Pagpapahayag ng Saliksik (Action Research)**

Tagapangulo	Royina Monteverde
Pangalawang Tagapangulo	Teodora Galang
Mga Kasapi	Juanito Calay Verena A. Sanchez



Republic of the Philippines  
DEPARTMENT OF EDUCATION  
Region IV-A CALABARZON  
CITY SCHOOLS DIVISION OF CABUYAO  
City of Cabuyao, Laguna



**KOMITE PANG-TEKNIKAL**

**Dokumentasyon**

*(Magsasagawa ng pagdodokumento sa mga pangyayari sa paligsahan tulad ng pagkuha ng larawan at paghahanda ng ulat (report) uko sa gawain. Magsusumite ng nasabing ulat sa tagapamahala ng paligsahan.*

Tagapangulo	Lizette J. Yu
Pangalawang Tagapangulo	Marivic E. Badillo
Mga Kasapi	Marilyn C. Capuno Jessica T. Jimenez

**Rehistrasyon/Pagpapatala**

*(Magtatala ng mga kalahok na paligsahan mula sa ibat-ibang distrito at paaralan. Gayundin, maghahanda ang komite ng porma para sa rehistrasyon.)*

Tagapangulo	Nerissa L. Alcazar
Pangalawang Tagapangulo	Jesusana Garcia
Mga Kasapi	Nieves E. Nacional Chesiel M. Calago

**Sertipiko**

*(Maghahanda ng sertipiko ng Pakikilahok at Pagdalo sa lahat ng mga nakilahok na guro at mag-aaral sa paligsahan. Gayundin, maghahanda sila ng Sertipiko ng Pagkilala sa mga nagwagi at sa mga nagsilbing komite)*

Tagapangulo	Juanito O. Calay
Pangalawang Tagapangulo	Mildred DO. Rodriguez
Mga Kasapi	Karen Joy D. Aliparo Mark Jason A. Boticario Louie Magayon

**Pagkain at Inumin**

*(Mangunguna sa pamamahagi ng mga pagkain at meryenda. Maghahanda ng listahan at magpapapirma ng mga nakatanggap nito)*

Tagapangulo	Ma. Sahlee D. Greganda
Pangalawang Tagapangulo	Anita L. Castillo
Mga Kasapi	Ailyn C. Villanueva Sarah G. Guban

**Programa at Imbitasyon**

*(Maghahanda ng daloy ng programa at mamahagi ng mga imbitasyon. Magsisilbing Tagapagdaloy ng Palatuntunan)*

Tagapangulo	Jocelyn Paguio
Pangalawang Tagapangulo	Luz A. Dulog
Mga Kasapi	Marian G. Cantalejo Marissa T. Barundia
Tagapagdaloy ng Pambungad na Palatuntunan	Tolentino L. Ceñido Hilda A. Red
Tagapagdaloy ng Panapos na Palatuntunan	Niño O. Pantaleon Lizette J. Yu





Republic of the Philippines  
Department of Education  
**REGION IV-A CALABARZON**  
Gate 2 Karangalan Village  
1900 Cainta, Rizal



Para sa : **MGA PANSANGAY NA TAGAPAMANIHALA NG MGA PAARALAN**

Mula kay : **DIOSDADO M. SAN ANTONIO**  
*Patnugot IV*

Paksa : **BUWAN NG WIKA 2018**

Petsa : 20 Hunyo 2018

1. Kaugnay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika sa taong 2018, nagtatakda ang Tanggapan ng Patnugot ng Rehiyon sa pangunguna ng CLMD, ng mga mungkahing gawaing pangwika at paligsahan hinggil sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2018. Ang paksa sa taong ito ay "**Filipino, ang Wika ng Saliksik**", na naglalayon ng mga sumusunod:
  - a. Makalilinigang ng konsepto at mapilosopiyang kaparaanan upang lalo pang maipagmalaki ang pambansang wika – ang Wikang Filipino;
  - b. Makalilinigang ng mga talino at kakayahan sa pamamagitan ng mga gawaing SALIKSIK upang maiangat ang kultura, pilosopiya at lohikang pangwika – Filipino;
  - c. Makapagtataya ng iba pang kagamitang pampagtuturo para sa disiplinang Filipino na magpapatibay ng kurikulum sa ilalim ng konseptong lokalisasyon at indiginisasyon.
2. Ang mga sumusunod ay ang mga pinagpasyahang paligsahan para sa taong ito:
  - a. **Madulang Sabayang Big-Say-Wit (Bigkas-Sayaw-Awit)** – para sa mga piling mag-aaral mula sa baitang 5, at 6; may kabuuang 25 kasapi (maximum). Ang piyesa ay nakalakip sa kalatas na ito.
  - b. **Malikhaing Sayaw Interpretasyon** - Pili at pinagsamang mag-aaral mula sa Junior HS (Baitang 7 at 10) na may kabuuang 20 kasapi. Nahahati sa apat na pangkat ang mga magkakatunggali:

**Unang Pangkat:** Mga Sangay na Panlalawigan at isang Lungsod - (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon at Bacoor City). Ang awit na bibigyang interpretasyon ay "Buhay Pinoy," inawit ni Herbert Bartolome.



Trunk Line: (02) 682-5773 / 647-4914 / 647-7487  
Fax: (02) 682-2114  
Website: [depedcalabarzon.ph](http://depedcalabarzon.ph)  
Facebook: DepEd R-4A Calabarzon  
E-mail: [region4a@deped.gov.ph](mailto:region4a@deped.gov.ph)



**Ikalawang Pangkat:** Dasmariñas, Lipa, Biñan, Antipolo, at Lucena. Bibigyang interpretasyon ang awiting "Pilipinas" ni Pilita Corrales.

**Ikatlong Pangkat:** Mga lungsod ng Cavite , Batangas , San Pablo, Tanauan, at Calamba. Bibigyang interpretasyon ang inawit ng Hot Dogs (Babaeng Mang-aawit) na "O, Lumapit ka."

**Ikaapat na Pangkat:** Mga lungsod ng Imus, Sta. Rosa, Cabuyao, Tayabas, at General Trias. Ang bibigyang interpretasyon ay ang awiting "Tayo'y Mga Pinoy" mula sa album ng Banyuhay.

- c. **Paglikha ng Maikling Pelikula (Indi-Film)** – para sa mga piling mag-aaral mula sa ika- 11 baitang na bubuo ng 10 kasapi; ang pelikula ay sa loob lamang ng 10 minuto, at mula sa **orihinal** na iskrip na gawa/isinulat/nilikha ng mga **mag-aaral**. Kasama sa timpalak ang pagpili ng mga mahuhusay na mag-aaral mula sa mga sumusunod na salik/aspektong pampelikula: Paglalapat ng tunog at musika, Editing, Sinematograpiya, Iskrinpley, Produksiyong Disenyo, at aktor/aktres at Istorya. Ang tema ay : **Pinaghugutan ng Hugot**.
- d. **Pagpapahayag ng Saliksik (Action Research)** – para ito sa mga mag-aaral mula sa 12 Baitang. Nakatuon ang saliksik sa uring Deskriptibo na may sumasalamin sa Pamununong Panlipunan: Guro, Mag-aaral, Magulang, Pulitiko, at Simbahan.
3. Inaasahan na isasakatuparan ng bawat sangay o dibisyon ang mga gawain kaalinsabay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Ang mananalo sa pansangay na paligsahan ay siyang magiging opisyal na kinatawan para sa Panrehiyong Pista ng mga Talino (Festival of Talents).

Malugod na inaasahan ang mabisang pagpapakalat at pagsunod sa kalatas na ito.

4. **Alituntunin at patakaran para sa Timpalak Sabayang Big-Say-Wit (Bigkas-Sayaw-Awit)**
1. Ang madulang sabayang Big-Say-Wit ay lalahukan ng mga mag-aaral ng isang paaralan na magmumula sa mga Baitang 5 at 6.
  2. Ang pangkat ay bubuuin lamang ng 20 - 25 bata (maximum).
  3. Maaring gumamit ng uniporme ng paaralan. Kung magkakaroon ng costume, ito ay dapat na mula sa simpleng material. Iwasan ang mga mamahaling kasuotan.

4. Pitong minuto lamang ang laan sa bawat pagtatanghal ng mga kalahok. Ang lalampas sa 7 minuto ay magkakaroon ng kabawasan sa kabuuang marka mula sa average na marka ng mga hurado. Kasama na ang entrance at exit sa pitong minuto.

5. Ang paglalapat ng tunog ay dapat na may kaugnayan sa piyesa. Pinahihintulutan ang pagsingit ng mga 'adlib' subalit hindi ito dapat makaapekto sa ideya at nilalayan ng piyesa; sakop ng pitong minuto ang mga isisingit na adlib.

6. DAPAT na makita ang **Bigkas, Awit at Sayaw (sangkap ng timpalak)** habang binibigkas ang tula. Maaring orihinal ang tono ng awit o mula sa mga tunog na awit OPM. **Hindi pwedeng mula sa banyagang awit ang gagamiting melodiya o tono.**

7. Ang timpalak ay huhusgahan batay sa mga sumusunod na pamantayan:

- a. Interpretasyon (linaw ng bigkas at indayog) - 60%
- b. Hikayat (Damdamin at emosyon) - 20%
- c. Sangkap teknikal (lapat ng tunog/musika, at disiplinang pang-intablado) - 15%
- d. Dating sa mga manonood - 5%

Total = 100%

**8. Bawal ang mga PRAPS at ILAW. Ang sinumang magiging kalahok sa Panrehiyong Paligsahan ay di pinahihintulutang magkaroon ng mga PRAPS AT ILAW. BATAY SA NAPAGKASUNDUAN, BABAWASAN NG LIMANG PUNTOS (5% MULA SA AVERAGE na ISKOR NG MGA HURADO) ANG SINUMANG KINATAWAN NA MAGLALAGAY NG PRAPS AT ILAW SA ORAS NG PAGTATANGHAL. (Sumunod po tayo para wala tayong maging problema). **Makaiiging alamin ang kaibahan ng praps at kasuotan.****

#### 5. Alituntunin at patakaran para sa Timpalak Sayaw Interpretasyon (Sekundarya)

1. Bubuwain ang mga mananayaw na mag-aaral mula sa ika-7 hanggang ika-10 na baitang ng isang paaralang pansekundarya.

2. Ang mga awit na siyang gagamitin sa sayaw interpretasyon ay ang mga sumusunod:

**Unang Pangkat** - "Buhay Pinoy"  
(original na bersiyon ni Herbert Bartolome)

**Ikalawang Pangkat** - "Pilipinas"  
(orihinal na bersiyon ni Pilita Corrales)

**Ikatlong Pangkat** - "O, Lumapit Ka"  
(orihinal na bersiyon ng Hotdogs – babaeng mang-aawit)

**Ikaapat na Pangkat** - "Tayo'y mga Pinoy"  
(orihinal na bersiyon ng Banyuhay)

6. Maaring magkaroon ng mga 'adlib' sa awit subalit hindi dapat maapektuhan ang konsepto nito. Ang sayaw ay dapat na tumagal lamang ng 5 minuto. May kabawasang 5% mula sa iskor average ng mga hurado ang pangkat na di makasusunod sa minutong nabanggit.
7. Hindi maaring ibahin ang bersiyon ng awit. Sundin ang mga nakatala sa bilang dalawa.
8. Ang mga mananayaw ay huhugahan gamit ang mga sumusunod na pamantayan:
  - a. Pagtatanghal at Interpretasyon - 60%
  - b. Koryograpi/Konsepto/Nalikhang Kwento - 30%
  - c. Disiplina at hikayat sa manonood - 10%Total = 100%

9. Ang kasuotan ay dapat na nababagay sa awit. Hindi maaari ang mamahaling kasuotan; iminumungkahi na ito ay mula sa indigenous na bagay o material.

**10. Bawal ang mga PRAPS at ILAW. Ang sinumang magiging kalahok sa Panrehiyong Paligsahan ay di pinahihintulatang magkaroon ng mga PRAPS AT ILAW. BATAY SA NAPAGKASUNDUAN, BABAWASAN NG LIMANG PUNTOS (5% MULA SA AVERAGE ISKOR NG MGA HURADO) ANG SINUMANG KINATAWAN/KALAHOK NA MAGLALAGAY NG PRAPS AT ILAW SA ORAS NG PAGTATANGHAL. (Sumunod po tayong para wala tayong maging problema).**

**11. Alituntunin at patakaran sa Timpalak Paglikha ng Maikling Pelikula (INDI-FILM)**

1. Ang mga mag-aaral ay dapat na magmumula sa ika-11 Baitang ng isang paaralang pansekundarya.
2. Ang paksang tatalakayin ay mula sa PILOSOPHIYA ng 'Umasa, Pataasa, at Pag-asa'
3. Ang pamantayan sa paghusga ay ang mga sumusunod:

Istorya - 25%  
Sinematograpiya - 15%  
Produksiyong Disenyo - 15%  
Tunog/Musika - 15%  
Iskrinpley - 15%  
Editing - 15%  
Total: 100%

**12. Ang timpalak ay hihirang din ng mga sumusunod:**

Pinakamahasay na katulong ng Aktor  
Pinakamahasay na katulong ng Aktres  
Pinakamahasay na Aktor  
Pinakamahasay na Aktres  
Pinakamahasay na Direktor  
Pinakamahasay na Pelikula

Pinakamahasay sa Istorya, Iskrinpley, Lapat ng Musika/Tunog, Sinematograpiya, Editing, at Produksiyon Disenyo.

13. Ang pelikula na labis sa 10 minutong palabas ay may kaukulang bawas sa average na husga ng mga hurado. Isang puntos na bawas sa bawat minutong labis mula sa itinadhana ng timpalak.
14. Hindi dapat kakitaan ng BULGAR na mga eksena ang ilalahok na pelikula. Awtomatikong 'eliminated' o tanggal ang kalahok na ito.
15. Alituntunin sa Timpalak Pagpapahayag ng Saliksik
  1. Ang timpalak ay bukas lamang sa Baitang 12. Maaaring magsama ang dalawang baitang sa magaganap na pahayag.
  2. Nakasaad sa unahan ang tatalakaying paksa.
  3. Bigyang pansin ang mga sumusunod:
    - ang font na gagamitin ay '12'
    - arial ang uri ng titik
    - doble ang espasyo - 'double space' ng pagsulat
    - sundin ang 'basic' na panuntunan sa pagsulat ng papel: talahanayan, talatinigan, dahon ng pag-uulat at iba pa.
  4. Ang bawat kalahok ay bibigyan lamang ng 10 minutong paglalahad. Pagkatapos nito, tutungo na sa bahaging "Tanong at Sagot." Maaaring gumamit ng PPP sa paglalahad.
  5. Maghanda ng 3 sipi ng saliksik para sa mga huradong magiging lupon sa oras ng timpalak.
16. **Tandaan na sa lahat ng timpalak na nabanggit, ang disisyon ng inampalan ay pinal at hindi na mapasubalian pa ng kung sino pa man.**

**Wikang Filipino, Wika ng Saliksik**

mula sa diwang payak ni Erico Memije Habijan

Halikayo kabataang kabahagi ng milenyal  
Sumali't makisalo sa salik ng pedestal  
Pagkaliksi ay **gibuhun** at sa dasal ay iusal  
Pag-asa ay di opinyon pagkat datos sadyang banal.

Kaalaman, karunungan hukayin na at bungkalin  
Pakinggan itong tinig sa ilang na may pagtingin  
mga tanong na misteryo **madadangog** na masinsin  
wiwikain ang pasulat sa mundo ng paninimdim.

Lapastanga't manlilinlang, mga henyong **nagsasaba**  
Mga papel ay mahusay kung sa ingles naipinta  
Kahihyan at basura saliksik na pinuntirya  
Kung sa wikang Filipino inilimbag iginiya.

panahon na para itong rebulusyo'y paigtingin  
sa pagsulat ng saliksik Filipino ang gamitin  
intelektwal at talino isulat na't aruruhin  
purong Pinoy na babasa balintuna'y sisipain.

sa siyensiya't mga bilang, pati batas na aralin  
kahangalan kung sabihin sa banyaga nakabitin  
talino ay malilinang kapag puso'y kukurutin  
susulating impormasyon wikang lokal palalimin.

Galugarin itong mundo pagkatuto'y aasenso  
Lumbay nati'y kakalasin, ingingiti sa palasyo  
Panloloko'y matitigil nitong mga pusterero  
Saliksik ang kapartido mawawala panloloko.

Simula't huwag huminto, pagkat tanaw-tanaw ko na  
Liksi't bilis nitong titik, pagkatanga ay **gadan** na  
Ilathala itong papel, Filipino taya't tasa  
Babasahing Intelektwal banyaga ay matatanga.